*Unang nalathala bilang pambungad na mensahe sa pinakaunang isyu ng journal, Bisig, 1(1), Enero-Marso 1988:1-2. Isa ang Bisig sa mga naunang journal ng PUP na itinatag sa panahon ng pagbabalik bilang pangulo ng unibersidad ni Doc Prudente.

Mensahe
Dr. Nemesio E. Prudente
Pangulo, PUP

ANG kilusan sa paggawa ay isang paksang masalimuot at may kahirapang ibalangkas. Dahil dito, maraming mga manggagawa at mga samahang manggagawa ang kulang, kundi man kapos, ang kaalaman at walang kakayahang bigyang-buhay at kahulugan ang kanilang mga ipinaglalaban. Kaya naman kadalasa'y nagagahis sila sa larangan ng labanan, lalo na't ang nakakaharap nilang mga kinatawan ng kompanyang kanilang pinaglilingkuran ay bihasa at malawak ang karanasan at kaalaman sa batas, sa mga paraan at estratiheya para mahadlangan ang mga mithiin ng mga manggagawa.

Napapanahon, kung gayon, na pag-ibayuhin ang pag-aaral, pagsaliksik at pagpapahayag tungkol sa kilusan sa paggawa upang ito ay maging matatag at matagumpay sa mga lehitimo nilang mga layunin at mumunting pangarap para sa kapakanan ng mga maliliit na mga manggagawa. Napapaloob sa isang aktibo, progresibo at sama-samang pagkilos ang katuparan ng isang magandang pangarap.

Ang *Bisig* bilang bagong journal na kumakatawan sa diwa, kaisipan at damdamin ng uring manggagawa at ng kanilang mga magagandang pangarap sa buhay at kinabukasan ay karapat-dapat magpatuloy sa paglalathala at pagtangkilik sa uring manggagawa.

Pakatandaan lang na ang tunay na kasaganaan, di lamang sa daigdig ng mga manggagawa kundi sa Sambayanang Pilipino man, ay matatamo lamang kung ang pagtatratuhan ng mga may puhunan at ang hanay ng mga manggagawa ay nasasalalay sa maayos, makatarungan, makatao at progresibong patakaran at pagtutulungan.

Hangad ko ang makabuluhang tagumpay ng *Bisig* sa kanyang demokratikong hangarin para sa pangkalahatan at magandang kinabukasan ng mamamayang Pilipino.